Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagsulat ng tamang pang-ukol

Panuto: Isulat sa patlang ang pang-ukol na bubuo sa pangungusap.

1. Handa na ba ang mga gamit ninyo _____ *camping* bukas?
2. Matutulog sina Sam at Sarah _____ Lolo at Lola mamayang gabi.
3. May balita ka ba _____ pagtaas ng presyo ng gasolina?
4. Ang pagdala ng *Nintendo DS* sa klase ay _____ tuntunin ng paaralan.
5. _____ Melissa, pinag-aralan nila ang pagsakop ng mga Hapones.
6. Ang puting kartolina ay binili ko _____ Leslie dahil may proyekto siya.
7. Mas mabuti na sundin ko ang payo _____ Tatay at Nanay.
8. Ang paghihiwalay ng nabubulok at hindi nabubulok na basura ay _____ utos ng barangay.
9. Ang Intramuros ay isang makasaysayang pook na matatagpuan _____ lungsod ng Maynila.
10. Ang mga aklat na ito ay ibibigay natin _____ mag-aaral ni Binibining Salvador.
11. Ang klase _____ Ginang Cruz ay manonood ng pelikulang *José Rizal*.
12. Ang aralin natin ngayon ay _____ mga karapatan ng batang Pilipino.
13. Hanapin mo ang *website* _____ *Philippine Daily Inquirer*.
14. Ang balitang nabasa ko ay _____ Pangulong Noynoy Aquino.
15. Nagsampa na ba ng kaso ang mga biktima _____ nahuling magnanakaw?
16. _____ diyaryo, hindi pa napipili ang bagong papa ng *Vatican*.
17. Nagsimula na ang pagkampanya _____ kandidato sa pagka-senador.
18. May tatlong sangay ang pamahalaan _____ ating bansa.
19. _____ kasunduan natin, magbabayad ka ng limangdaang piso para sa pag-arkila ng dyip.
20. Pinasasabi niya na magkita kayo _____ harap ng paaralan bukas nang alas-siyete ng umaga.